# Welcoming Our Students Back: Restoring Safe Schools

Ang pagbubukas ng mga paaralan at ang muling pagturo sa silid-aralan ay magsisimula sa Martes, ika-8 ng Setyembre, para sa lahat ng mga mag-aaral sa mga *public* at *independent*. Ang mga sumusunod ay ang mga impormasyon upang makatulong sa iyo at inyong pamilya:

**<u>School Schedules</u>**

- Ang mga mag-aaral mula *Kindergarten* hanggang *Grade 8* ay papasok sa paaralan ng limang araw sa loob ng isang linggo, mula Lunes hanggang Biyernes.
- Kung masisiguro ng paaralan na ang mga mag-aaral mula *Grade 9* hanggang *Grade 12* ay mayroong sapat na distansya sa isa't isa, sila ay papasok sa paaralan ng limang araw sa loob ng isang linggo, mula Lunes hanggang Biyernes. Maaaring tignan ang *website* ng kanilang paaralan ukol dito.
- Ang mga mag-aaral na may *special needs* ay maaring pumasok sa paaralan ng limang araw sa loob ng isang linggo, mula Lunes hanggang Biyernes. Maaaring makasama dito ang mga mag-aaral na may *language needs* – makipag-ugnayan sa inyong paaralan ukol dito.
- Ang oras ng pagsisimula at pagtatapos ng klase ay katulad lamang ng dati, bago pa man magkaroon ng COVID. Upang makasiguro, maaaring tignan ang *website* o tawagan ang inyong paaralan.
- Hinihikayat na wag pumasok ang mga magulang sa loob paaralan, susubaybayan ang mga pasukan at labasan nito. Ang mga magulang at ang mga bisita na nais pumasok sa loob ng paraalan ay kinakailangang mag-ulat o magsabi sa opisina ng paaralan.

**Remote Learning vs. Homeschooling**

- Magkaiba ang *remote learning* at ang *homeschooling*. Ang *homeschooling* ay ang sariling pag-aaral o pagtuturo ng mga aralin ng inyong anak ng walang suporta mula sa paaralan na may karagdagang trabaho at gastusin. Ang *remote learning* naman ay ang pag-aaral o pagtuturo ng mga aralin ng inyong anak ng may suporta na mula sa mga kawani ng paaralan.
- Sa ngayon ay wala nang *remote learning* o suporta na ibibigay sa mga mag-aaral na nais gawin ang kanilang mga aralin sa kanilang mga tahanan maliban na lamang sa mga kadahilanang gaya ng kalusugan na nangangailangan ng sulat mula sa kanilang doktor (*doctor's note)*. Kung ang inyong anak ay *high risk* pag dating sa kanilang kalusugan, ang *school division* ay gagawa ng plano para sa inyong anak na maaaring mangangailangan ng *remote learning*. Kinakailangan ninyong makipag-ugnayan sa inyong *school division* ukol dito.
- Kung napagdesisyunan ng inyong pamilya na mag *homeschooling* ngayong taon, ngunit nais ninyong bumalik sa paaralan, ang inyong anak ay tatanggaping muli sa paaralan kahit na ito ay sa kalagitnaan ng taon.
- Mahalaga na kung may hindi malinaw sa pagkakaunawa tungkol sa pagkaka-iba ng *homeschooling* at ng *remote learning* at hindi sinasadyang narehistro ang inyong anak, kinakailangan makipag-ugnayan kaagad sa inyong paaralan.

**COVID Safety Measures**

- Ang mga guro at iba pang kawani ng paaralan ay magkakaroon ng pagsasanay mula sa *public health authorities*.
- Ang mga mahahalagang paraan upang manatiling ligtas ay:
    - Panatilihin ang 6 *feet* o 2ng metro na distansya sa ibang mga tao. Ang tawag dito ay *Physical Distancing*.
    - Magsuot ng *mask* kapag nasa loob ng isang pampublikong lugar o kapag malapit kayo sa ibang tao.
    - Madalas na mag-hugas o mag-*sanitize* ng mga kamay. Gumamit ng sabon at tubig sa loob ng 20 segundo!
    - Iwasan ang pag-yakap o ang pakikipag-kamay sa ibang tao.
    - Iwasang magbahagi ng mga personal na gamit katulad ng pagkain, *lip balms*, *hair accessories*, *masks*. Hindi muna i-papagamit ang mga *lockers* sa paaralan sa taong ito.
    - Iwasang hawakan ang inyong ilong, bibig, at mga mata.
    - Ugaliing umubo o bumahing sa manggas ng iyong damit o sa *tissue*. Pagkatapos ay agad na mag-hugas ng mga kamay.

- Manatili sa loob ng bahay at mag *self-isolate* kung nakakaranas ng mga sintomas ng COVID, kung lumabas ng Manitoba, at kung nakipag-ugnayan sa taong hinihilaang mayroong COVID.

**Screening for Symptoms and Being Sent Home**

- Kailangang i-*pre-screen* ng mga magulang ang kanilang mga anak araw araw bago sila pumasok sa paaralan upang makasiguro na wala silang anumang sintomas ng COVID:
    - Lagnat at Panlalamig
    - Ubo at Tumutulong Sipon
    - Hirap sa Paghinga
    - Pananakit ng Katawan at Pagkapagod
    - Pagkahilo at Pagsusuka
- Kung ang inyong anak ay nakakaranas ng mga sintomas ng COVID, kinakailangang panatilihin ang inyong anak sa bahay. Sila ay pauuwiin kung sila ay nasa paaralan.
- Kung ang anak ninyo ay nagkaroon ng sintomas sa paaralan, kayo ay agad na aabisuhan at kakailanganin ninyong sunduin ang inyong anak sa lalong madaling panahon. Sila ay ihihiwalay sa kanilang klase hanggang sa sila ay masundo.

**Student Cohorts**

- Ang mga mag-aaral ay maaaring hatiin sa maliliit na grupo na tatawaging *cohorts*, e.g. *classroom grouping*.
- Kailangan na mayroong 4 na metrong distansya sa pagitan ng bawat *cohort groups*. Sa isang *cohort group*, maari ang 1ng metrong distansya, ngunit ang mga mag-aaral ay hindi maaring makipag-halubilo sa ibang *cohort groups*.
- Magkakaiba ang oras ng pagdating at pag-alis ng *cohort groups* sa paaralan – mahalagang alamin kung kailan dapat na nasa paaralan ang inyong anak at kung kailan ang kanilang oras ng pag-uwi.
- Magkakaiba ang *lunch breaks* at *recess* ng bawat *cohort groups*.

**Masks and Safety Equipment**

- Ang mga mag-aaral mula *Grade 4* pataas ay kinakailangang magsuot ng *mask* kung sila ay nasa loob ng paaralan.
- Maaring magsuot ng *mask* ang mga mag-aaral mula *Grade 3* pababa nanaisin ng kanilang mga magulang.

- Ang mga mag-aaral mula *Grade 4* hanggang *Grade 12* ay kinakailangang magsuot ng *masks* sa *school buses*. Ang mga *bus drivers* ay kinakailangan ding magsuot ng mask.
- Kung maaari, bigyan ang inyong anak ng *reusable mask*. Lagyan ng pangalan ang *mask* ng inyong anak at mag-sanay kung paano ito isuot at alisin.
- Hugasan o i-*sanitize* ang inyong mask (kapag *reusable*) bago ito suotin. Tiyakin na ang inyong *mask* ay malinis o hindi nailagay sa hindi na *santitize* na lugar bago ito suotin.
- Ipagbigay alam sa paaralan kung walang *non-medical mask* para sa inyong anak upang kayo ay mabigyan.

**<u>During and After School Programs</u>**

- Hindi muna magkakaroon ng mga *community programs* sa paaralan maliban lang sa mga *day-cares*. Karamihan sa mga *after school programs* ay hindi gaganapin sa loob ng paaralan. Maaaring makipag-ugnayan sa mga paaralan at *community organizations* ukol sa iba pang mga impormasyon tungkol dito.
- Hindi muna magbibigay ng pagkain o meryenda ang mga paaralan. Kailangan ng mga mag-aaral na magdala ng sarili nilang pagkain.
- Mayroon pa ding *lunch program* pero ito ay gaganapin sa loob ng silid-aralan.

**<u>More Information</u>**

- Magbibigay ang paaralan ng *fact sheets* sa mga magulang ng may *updated protocols*. Maaaring makipag-ugnayan sa inyong paaralan o *community supports* kung kinakailangan ninyo ng tulong ukol sa bagong impormasyon.